# Huling Paalala sa Car Tax

## Sinimulan na ang imbestigasyon sa iyong ari-arian.
## Bayaran agad ang iyong obligasyon bago pa lumala ang sitwasyon.

**Takdang petsa ng Pagbabayad** **December 16, 2025（Tue)**

★Ilang beses na kaming nagpadala ng notice para sa pagbabayad ng car tax, ngunit hanggang ngayong November 14, 2025 (Fri), wala pa rin kaming natatanggap na bayad.
★Mangyaring bayaran agad ang buwis gamit ang kasamang payment slip

Kung wala kayong ginawang kasunduan sa pagbabayad ng buwis, ayon sa batas, ipatutupad namin ang pagkuha ng inyong ari-arian nang walang paunang abiso.

◆ Halimbawa ng mga ari-ariang maaaring makuha

| | | | |
|---|---|---|---|
| Sahod・Bonus | Kukunin ang bayad direkta sa sahod o bonus mo | Life Insurance | Pipilitin kang ipa-cancel ang life insurance mo at kukunin nila ang makukuha mong pera galing sa life insurance |
| Utang na Sisingilin | Kokolektahin ang bayad mula sa client o customer mo ( self-employed o freelance) | | |
| Bank Account/Ipon | Kukuhain ang bayad mula sa bank account mo | Sasakyan, Gamit o Lupa | Kukumpiskahin at ibebenta nila ang ari-arian mo para mabayaran ang tax |

Kotseng nilagyan ng lock sa gulong



Kotseng kinuha at ibinenta sa auction dahil sa hindi nag bayad ng tax







| Para sa mga tanong o konsultasyon | Sakop na Lugar | Tanggapan ng Nakalataga |
|---|---|---|
| | Gifu-shi, Hashima-shi, Kakamigahara-shi, Yamagata-shi, Mizuho-shi, Motosu-shi, Ginan-cho, Kasamatsu-cho, Kitagata-cho, Outside Gifu | Gifu Prefectural Tax Office(TEL)058-214-6924 |
| | Ogaki-shi, Kaizu-shi, Yoro-cho, Tarui-cho, Sekigahara-cho, Godo-cho, Wanouchi-cho, Anpachi-cho, Ibigawa-cho, Ono-cho, Ikeda-cho | Seino Prefectural Tax Office(TEL)0584-73-1111 (Main Line) |
| | Seki-shi, Mino-shi, Minokamo-shi, Kani-shi, Gujo-shi, Sakahogi-cho, Tomika-cho, Kawabe-cho, Hichiso-cho, Yaotsu-cho, Shirakawa-cho, Higashishirakawa-mura, Mitake-cho | Chuno Prefectural Tax Office (TEL)0575-33-4011 (Main Line) |
| | Tajimi-shi, Nakatsugawa-shi, Mizunami-shi, Ena-shi, Toki-shi | Tono Prefectural Tax Office (TEL)0572-23-1111 (Main Line) |
| | Takayama-shi, Hida-shi, Gero-shi, Shirakawa-mura | Hida Prefectural Tax Office (TEL)0577-33-1111 (Main Line) |

Pakiusap, tingnan din ang likod

岐阜県

# Paraan ng Pagbabayad at Iba Pa

## ❶ Mula sa Smartphone Payment App

Mula sa Smartphone Payment App Pwede mong i-scan ang QR code sa payment slip gamit ang camera ng iyong smartphone para makabayad.
Para sa listahan ng mga payment app na puwedeng gamitin, pakitingnan ang “Smartphone Payment Apps List” sa “eLTAX for Payment Site.”

地方税お支払サイト　検 索

## ❷Mula sa eLTAX for Payment Site

Pwede kang magbayad gamit ang credit card, internet banking, o Pay-easy sa pamamagitan ng pagbukas ng “eLTAX for Payment Site” gamit ang iyong computer o smartphone.

## ❸Mula sa mga Bangko, Post Office, Convenience Store, at Iba pa

Ipakita ang iyong payment slip sa mga payment counters ng mga nabanggit at magbayad. Pag nalampas ng October 16, (Sat), hindi na pwedeng magbayad sa mga nabanggit na payment counters.

※ Para sa karagdagang detalye, pakitingnan ang likod ng payment slip

# Tungkol sa Late Payment Fee

Ang nakasulat na late penalty fee sa bayarin ay para lang hanggang **October 4, 2025 (Sat)　Kahit magbayad ka bago ang deadline, puwedeng kulang pa rin ang late fee depende sa araw ng pagbayad mo.** **Kung may kulang sa bayad mo kumpara sa nakasulat sa notice, padadalhan ka ng panibagong notice para doon mo bayaran ang natitirang halaga.**

【Tungkol sa late payment fee bago ang takdang petsa】

<table>
<tr><th>Date / Tax Amount</th><th>December4</th><th>5</th><th>6</th><th>7</th><th>8</th><th>9</th><th>10</th><th>11</th><th>12</th><th>13</th><th>14</th><th>15</th><th>16</th></tr>
<tr><td>～29, 500yen</td><td colspan="11">1, 100yen</td><td colspan="2">1, 200yen</td></tr>
<tr><td>34, 500yen</td><td colspan="10">1, 300yen</td><td colspan="3">1, 400yen</td></tr>
<tr><td>39, 500yen</td><td colspan="9">1, 500yen</td><td colspan="4">1, 600yen</td></tr>
<tr><td>45, 000yen</td><td colspan="5">1, 700yen</td><td colspan="8">1, 800yen</td></tr>
<tr><td>51, 000yen</td><td colspan="2">1, 900yen</td><td colspan="8">2, 000yen</td><td colspan="3">2, 100yen</td></tr>
</table>

※Para sa car tax na may deadline sa June 2, year 2025, may ilang halagang nakalagay bilang halimbawa lamang.

※Para sa car tax bago mag year 2024 o iba pang buwis, mangyaring makipag-ugnayan sa Prefectural Tax Office na nakalista sa harap ng dokumento.

### Para sa mga nagpatanggal ng rehistro ng kanilang sasakyan simula November 1 (Sat)

Ang warning na ito ay base sa halagang dapat bayaran bago pa man matanggal sa rehistro ang sasakyan. Para sa tamang impormasyon sa pagbabayad, mangyaring makipag-ugnayan sa Prefectural Tax Office na may sakop sa inyong tirahan na nakalista sa harap ng dokumento.

### Para sa mga nakipag-ugnayan na sa prefectural tax office tungkol sa pagbabayad

Kahit na nakipag-ugnayan ka na, ipinapaabot namin ang natitirang balanse na hindi pa nakukumpirma ang bayad hanggang November 14, 2025 (Fri).

**※Kung nakatanggap ka parin ng notice matapos mong bayaran lahat, maaaring ito ay nagkataong naipadala bago pa ma-update ang system. Pasensya na po sa abala.**
**※Mangyaring itago ang iyong resibo bilang patunay ng bayad para sa hinaharap.**

Pakitingnan din sa likoran